

Nahihirapang makabayad ng iyong mga bayarin sa utility?



Nandito kami para tumulong.

Alam ng Seattle Public Utilities (SPU) na naging mas mahirap para sa ilan sa mga kostumer namin ang pagbabayad para sa mga pangunahing serbisyo dahil sa Pandemyang COVID-19. Nandito kami para tumulong. Maraming makukuhang sanggunian ng pinansiyal na tulong sa SPU.

Mga Plano sa Pagbabayad: Bayaran ang kayang mabayaran ngayon at bayaran ang natitira sa susunod na mga panahon

Sa pamamagitan ng isang plano sa pagbabayad, maaaring paghati-hatiing mga kostumer ang kanilang mga bayarin sa SPU at magbayad sa susunod na mga panahon nang walang singilin para sa mga nahuling pagbabayad. Makikipagtulungan kami sa iyo para gumawa ng planong angkop sa iyong badyet.

► Mga Flexible na Opsyon para sa Pagbabayad

Bilang tugon sa pandemyang COVID-19, sinuspinde namin ang kailangang 50 porsyentong paunang pagbabayad para maitaguyod ang plano ng pagbabayad at dinoble ang tagal ng panahon para makahabol ang mga kostumer sa kanilang bayarin mula 60 araw patungo sa 120 araw.



**Seattle
Public
Utilities**

**Tumawag sa amin
ngayon
206-684-3000**

Tingnan ang kabilang bahagi para sa mas maraming sanggunian

Programa ng Diskuwento sa Utility: 50-60 porsyentong diskuwento sa utility para sa mga kostumer na may kuwalipikadong kita

Nagbibigay ang Seattle Utility Discount Program (UDP) ng tulong para sa mga nakatatanda, mga indibidwal na may kapansanan, at mga kostumer na may mababang kita. Tatanggap ang mga kostumer na may kuwalipikadong kita ng diskuwentong 60% sa kanilang bayarin sa Seattle City Light at 50% sa kanilang bayarin sa SPU.

► Madali, Online na UDP Enrollment

Bilang tugon sa pandemyang COVID-19, ginawang mas mabilis at mas madali ng Lungsod ng Seattle ang pag-a-apply para sa UDP sa pamamagitan ng online enrollment form. Mag-apply online ngayon sa seattle.gov/utilities/CovidHelp.

Programa ng Tulong na Pang-emergency: hanggang \$448 sa mga bayarin para sa mga kuwalipikadong kostumer

Makakakuha kaagad ng tulong ang mga residensyal na kostumer na may kuwalipikadong kita sa pagbabayad ng kanilang bayarin sa pamamagitan ng Emergency Assistance Program (EAP). Kung kuwalipikado ka para sa EAP, puwede kang makatanggap ng \$448 para sa iyong bayarin sa utility.

Ang ilang kostumer na naka-enroll sa Utility Discount Program ay maaari ding maging kuwalipikado para sa tulong na pang-emergency. Tumawag para matuto pa.



**Seattle
Public
Utilities**

Tumawag sa amin ngayon para maghanda para sa hinaharap.

Dahil sa pandemyang COVID-19, pansamantalang pinipigilan ang pagputol sa utility at ang pagsingil para sa huling pagbabayad.

Pero habang bumabalik sa normal ang mga bagay, gayundin ang aming gawain sa paniningil. Kapag binayaran mo ang kaya mong bayaran ngayon, mas makakaya mo ang iyong bayarin sa paglipas ng panahon. Nandito kami para tumulong sa iyo na iwasan ang mga singilin sa hinaharap o ang mga pagputol.

Tumawag sa amin ngayon. Available ang mga serbisyo sa pagsasalin.